



Ang Bangko

Nikko J. Domingo 

Nueva Ecija University of Science and Technology, The Philippines

ABSTRACT

“Bangko” is a short story (maikling kwento) that captures an intimate moment of internal conflict and silent resistance within a rigid societal structure. Set inside a chapel, the narrator struggles to suppress overwhelming emotions as the weight of imposed beliefs clashes with personal truths. The story masterfully conveys tension through sensory details—the warmth of a plastic bench, the trickling sweat, the suffocating air—mirroring the narrator’s growing discomfort. As the pastor’s voice echoes a rigid declaration on gender roles, an uncontrollable release of emotions ensues, symbolizing an unspoken defiance. Through concise yet powerful imagery, Bangko explores identity, repression, and the silent burden of nonconformity in a traditional space.

KEYWORDS

Identity, Repression, Internal Conflict, Conformity, Gender Roles

ABSTRAK

“Ang Bangko” ay isang maikling kwento na naglalarawan ng isang masidhing tagpo ng panloob na tunggalian at tahimik na pagtutol sa loob ng isang mahigpit at mapag-utos na istrukturang panlipunan. Sa loob ng isang kapilya, pinipilit ng tagapagsalaysay na supilin ang nag-uumapaw na damdamin habang kinakalaban ng sariling katotohanan ang mga ipinataw na paniniwala. Mabisang

ARTICLE HISTORY

Editor-in-Chief:

Excelsa C. Tongson, DSD

Received:

January 19, 2025

Revised:

April 11, 2025

Accepted:

May 19, 2025

naipapahiwatig ng kwento ang tensyon sa pamamagitan ng mga detalyeng pandama—ang init ng plastik na bangko, ang pagtulo ng pawis, ang nakakabalisang hangin—na sumasalamain sa lumalalim na pagkabalisa ng tagapagsalaysay. Sa pag-alingawngaw ng tinig ng pastor na nagpapahayag ng tiyak na pananaw ukol sa papel ng kasarian, hindi na mapigilang pagsabog ng emosyon ang sumunod—isang sagisag ng hindi binibigkas ngunit matatag na pagtutol. Sa pamamagitan ng payak ngunit makapangyarihang imahen, tinatalakay ng Ang Bangko ang pagkakakilanlan, panunupil, at ang tahimik na pasaning dulot ng hindi pag-angkop sa nakasanayang kaayusan.

MGA SUSING SALITA

Pagkakakilanlan, Panunupil, Panloob na Tunggalian, Pagsunod sa Lipunan, Papel ng Kasarian

Ang Bangko *Isang Maikling Kuwento*

Humigpit ang pagkakadikit ng aking puwitan sa plastik na bangko habang pilit kong inuunawa ang mga salitang umaalingawngaw sa loob ng kapilya. Ramdam kong bukas ang mga aircon, ngunit ang lamig nito ay tila hindi abot sa akin. Sa halip, nararamdaman ko ang unti-unting pag-init ng aking katawan, kasabay ng pagbuo ng maliliit na butil ng pawis sa aking noo.

“Huwag.” “Tigil.”

Teka muna.

Bago iyan, hayaan mo munang simulan ko ang kuwento sa pagpapakilala sa aking sarili at sa aking pamilya. Ako si Nico, panganay sa tatlong magkakapatid. Marahil ako ay nakikilala bilang taong may mataas na pangarap ngunit ang totoo, ang mundo ko ay umiiikot lamang sa pagmamahal ko sa aking pamilya, sa aking propesyon bilang guro, at ang pagmamahal ko sa Diyos. Ang mahal kong ina ay isang *solo parent* na sa kabila ng lahat ng hirap at sakripisyo ay nanatiling matatag para sa aming tatlong magkakapatid. Sa mga nagdaang taon, natutunan din niyang muling magmamahal. May nobyo siyang isang Mexikano—isang lalaking mabait, marespeto, at hindi kailanman itinuring na iba ang kanyang mga anak. Hindi niya ito ikinukubli. Bagkus, hayagan niyang ipinagmamalaki ang pagkakaroon ng katuwang sa buhay, hindi lamang sa

emosyon kundi pati na rin sa pagtustos ng aming mga pangangailangan. Marahil ay hindi masama ang pagkakaroon ng pangalawang asawa, lalo na kung ito'y nagmumula sa tunay na pag-unawa at malasakit.

May dalawa akong nakababatang kapatid. Ang babae ay matalino at masipag—isa na siyang ganap na propesyonal. Samantalang ang lalaki naman na palaging abala sa kanyang *thesis* at mga *internship*, ay malapit nang magtapos sa kolehiyo. Magkakaiba man kami ng ugali at hilig, iisa lamang ang tibok ng aming puso, ang magmahalan at mag-unawaan sa kabila ng aming pagkakaiba-iba.

Kaming pamilya, tuwing araw ng Linggo ay laging nagsisimba. Bago pa man sumikat ang araw, gising na ang lahat sa aming bahay. Si nanay ang unang bumabangon upang magtimpla ng kape at magpalaman ng pandesal. Madalas siyang naghahanda ng aming isusuot, karaniwang puting polo para sa amin ng nakababata kong kapatid na lalake, at blusa't palda para naman sa babae.

Pagkatapos naming mag-agahan at gumayak, sabay-sabay kaming lumabas ng bahay, dala-dala ang maliit naming Bibliya. Tahimik lang kami sa loob ng aking kotse, pero ramdam ng bawat isa ang pananabik na makita ang aming kapatiran sa kapilya upang sabay na umawit at magpuri sa Panginoon. Pagdating sa simbahan, palaging sa pangalawang hanay kami umuupo—iyon na ang nakagawian. Tahimik kaming naghihintay sa pastor at sa pagsisimula ng misa.

Sabi ng aming pastor, ang araw ng Linggo ay espesyal. Ngunit bakit ngayon ay parang kakaiba? Iba ang aking pakiramdam. Para akong dayuhan sa lugar na sanay at mahal kong puntahan. Ang mga mukha sa paligid ay pamilyar, ngunit tila ako lamang ang may dalang lihim na hindi maaaring mabunyag. Naku, heto na naman tayo. Muling umikot ang usapan sa kasarian ng tao. Pamilyar na pamilyar na ako rito—narinig ko na, nabasa ko na, napag-usapan na. Pero heto't muling binanggit sa sermon ng pastor. Ang mga salitang nakapagpabago sa aking mukha.

Pilit kong pinipigilan. Huwag kang magpakita. Huwag kang tumulo. Ngunit parang hindi ko mapigil ang agos. Hanggang sa tuluyan na nga itong bumagsak, kasabay ng pagbuka ng bibig ng pastor na mariing nagsabi:

“Ang lalaki ay para lamang sa babae, at ang babae ay para lamang sa lalaki.”

Ang mga salitang iyon ay tila latigong humampas sa aking katauhan. Mula sa pagkakaupo ko sa pinakahuling hanay ng upuan, ramdam ko ang bigat ng bawat pantig na iniluwal ng kanyang bibig. Pumikit ako nang saglit, umaasang sa sandaling mawala ang aking paningin, mawawala rin ang mga tinig na humahatol sa akin.

Bata pa lang ako, itinuro na sa akin na mayroong itinatakdang daan ang Diyos. Isang tuwid na daan. Isang landas na hindi maaaring likuan, hindi maaaring gawing paikot, walang alternatibong ruta. Ang lalaki ay nilikha para sa babae, at ang babae para sa lalaki. Iyon ang tama,

iyon ang batas, iyon ang hindi mababali.

“Ang kabaklaan,” patuloy ng pastor, “ay kasalanan sa paningin ng Diyos. Hindi ito likas—ito’y kagagawan ng tao. Sila’y mga nilalang na pumiling magpakalulong sa pita ng laman. Sila’y parang mga hayop na sumusunod lang sa silakbo ng katawan. Ang katotohanan? Masahol pa sila sa aso. Dahil ang hayop, alam ang babae ay para sa lalaki.”

Minsan, sinasabi pa nila na ito ay bunga ng masamang impluwensiya—mula sa media, sa maling pagpapalaki, o sa labis na kalayaan. Na ang mga kagaya ko ay may malalim na sugat na kailangan lamang gamutin, isang karamdaman na kaya pang baguhin sa pamamagitan ng dasal, pag-aayuno, at ‘conversion therapy.’ Ilan sa mga narinig ko, mula sa iba’t ibang pulpito, ay halos pare-pareho: “Ibalik sa Diyos ang iyong katawan. Linisin ang iyong isipan. Layuan ang tukso.”

Kumapit ako sa gilid ng plastik na bangko, hinigpitan ang pagkakaupo. Hindi ako maaaring kumilos, hindi ako maaaring makita nilang nag-aalinlangan. Ngunit sa bawat segundo na lumilipas, lalong bumibigat ang aking dibdib. Lalo kong nararamdaman ang init, hindi mula sa init ng panahon, hindi mula sa katawan ng mga taong nakapalibot sa akin, at hindi dahil sa polo kong suot, kundi mula sa isang apoy na tila nagsisindi sa loob ng aking dibdib.

Masahol pa sa hayop, sambit ng pastor. Masahol? Dahil mahal ko ang kapwa ko lalaki? Dahil ako ay may maunawaing puso? Ngunit sa tuwing tumitibok ang puso ko, hindi ito ayon sa inaasahan nila? Kung ang hayop ay hindi tinuturuan magmahal, bakit kailangang ipagkait sa akin ang karapatang magmahal? At kung ang Diyos ay pag-ibig, paanong ang pag-ibig ko ay itinuturing nilang karumihan?

Napatingin ako sa paligid. Lahat sila ay tahimik, nakikinig, tanggap ang bawat salitang binibigkas ng pastor. Walang nag-aalinlangan. Walang nagdududa. O marahil, sila rin, katulad ko, ay nagtatago sa likod ng maskara ng pagsunod. Patuloy na tumatakbo ang mga bagay-bagay sa aking isip. At kung tama nga sila na ang pagiging bakla ay makasalanan, bakit parang lubhang napakalaki ng kasalananang ito. Hindi ba ito kasama sa mga kasalanang tinubos na ng Panginoong Hesus sa Krus ng Kalbaryo?

Habang pinapakinggan ko ang bawat salitang lumalabas sa bibig ng pastor, unti-unti kong nararamdaman ang bigat ng isang katauhang hindi ko kayang ilabas ng tuluyan. Sa tuwing ipinapaliwanag niya ang “tama” at “mali,” tila ba bawat pangungusap ay isang paalala na wala akong lugar sa mundong ito kung ako’y hindi susunod. Ngunit hindi ko rin kayang burahin ang bahagi ng sarili kong patuloy na humihingi ng kalayaan.

Mula sa harapan, nagpatuloy ang sermon. “Ang kasalanan ay hindi nagmumula sa Diyos, kundi sa tao. At kung tayo ay hindi lalakad sa daan na inilaan Niya para sa atin, ano ang magiging hantungan natin?”

Sa aking isipan, tila ba may dalawang tinig na nagsasalita. Isa ang tinig ng takot—ng pagkasuklam sa sarili, ng kahihyan, ng paniniwalang baka nga tama sila at ako ay mali. Ngunit may isa pa. Isang mas mahina ngunit matatag na tinig. Tinig ng pagtatanong, ng pagdududa sa mga katotohanang isinubo sa akin mula pagkabata. Tinig na nagsasabing, “Hindi ako masama. Hindi ako mali.”

At tuluyan na ngang pumatak ang aking pawis. Dahan-dahan. Tahimik. Walang nakakakita, walang nakaalam. Ngunit sa bawat patak nito, pakiramdam ko ay unti-unting nawawasak ang pader na itinayo ko sa loob ng maraming taon. “Bakit parang napakadumi ko sa paningin nila?”

Minsan, tinanong ko ang sarili ko, paano kung hindi na ako matakot? Paano kung sa susunod na pagkakataon, hindi ko na pipigilan ang aking sarili? Ano ang mangyayari kung magsasalita ako, kung aaminin ko, kung tatanggapin ko ang sarili ko kahit hindi nila ako matanggap?

Ngunit hindi ngayon. Hindi sa loob ng kapilyang ito. Hindi sa harap ng pamilyang lumaki sa paniniwalang ang isang bangko ay isa lamang bangko—hindi kailanman maaaring maging mesa, hindi maaaring maging hagdan, hindi maaaring maging kahit ano maliban sa kung ano siya nilikha.

Ngunit hindi ba’t kahit ang bangko ay maaaring pagpahingahan ng pagod na katawan? Hindi ba’t maaari rin itong maging lugar ng pagninilay, ng pagluha, ng tahimik na rebolusyon? Hindi ba’t sa bangkong ito, ako’y muling binubuo?

Huminga ako nang malalim, pinahid ang mga pawis na pilit kong ikinubli. Sa huling pagkakataon, tumingala ako, tiningnan ang Krus sa harapan ng altar. Tahimik akong nagdasal—hindi para baguhin ako, hindi para ayusin ang sa tingin nila ay mali sa akin, kundi para bigyan ako ng lakas na mahalin ang sarili ko sa paraang hindi nila kayang intindihin.

Batid ko sa puso ko na alam ng Nanay ko at ng dalawa kong kapatid kung gaano ako appektado sa sermon ng pastor. Katulad ko, tahimik lamang silang nakatingin sa unahan—ngunit sa likod ng katahimikan, ramdam ko ang pag-aalalang hindi na kailangan ng salita. Sa bawat sulap nila, dama ko ang tahimik nilang pakikiisa at ang pagmamahal na pilit humahaplos sa akin kahit walang binibigkas.

At sa sandaling iyon, kahit isang iglap lang, naramdaman kong kahit hindi ako bahagi ng kanilang tinatawag na tuwid na daan, may lugar pa rin ako sa mundong ito. At muli, pilit kong ibinalik ang ngiti sa aking mukha habang nakaupo sa isang bangko—isang bangkong ngayon ay hindi na lamang upuan, kundi simbolo ng paninindigan, ng katahimikan, at ng pag-asa.

Dahil sa kabila ng lahat, alam kong hangga’t mahal ko ang Panginoon, tanggap Niya ako nang buo. May pamilyang handang yumakap sa kabuuan ng aking pagkatao at may sarili

akong paninindigang hangga't wala akong tinatapakang tao, ang pagiging bakla ay kailanman hindi naging kasalanan. Ako'y naririto—hindi bilang pagkakamali, kundi bilang patunay na ang pag-ibig ng Diyos ay walang kinikilingan.

Natapos ang sermon nang hindi ko namamalayan—marahil ay masyado akong naging abala sa pakikinig sa tibok ng aking puso, sa paglalim ng damdamin at sa mga tanong na bumabalot sa aking pagkatao. Alam ko sa sarili kong ang pagiging bakla ay hindi kasalanan—kaya bakit ko kailangang pahirapan ang sarili ko sa paniniwala ng iba?

Lumipas ang misa na tila walang nagbago, tulad ng dati, nagtapos ito sa pagbabatian ng kapayapaan. Ngunit sa kabila ng lahat, umuwi pa rin kaming isang buong pamilya—may kasamang katahimikan, ngunit puno ng pagpapala.

Sa simpleng salu-salo sa pananghalian, may saya, may pagtanggap, at may tahimik na pangakong anuman ang mangyari, hindi mawawala ang pagmamahal. At sa sandaling iyon, sapat na iyon para sa akin.

Background

In the Philippines, where religion plays a central role in shaping societal values and norms, conversations about gender identity and self-expression often become sources of tension and internal conflict. The country's strong religious influence, particularly from Christianity, has historically reinforced traditional beliefs about morality, gender roles, and sexuality. These beliefs, deeply embedded in both cultural and educational systems, often create challenges for individuals whose identities do not conform to heteronormative standards.

Ang Bangko is a literary artwork that captures the silent struggles of individuals caught between their personal truths and the rigid expectations of religious doctrine. Set in a chapel—a sacred space symbolizing faith and tradition—the story follows a protagonist who listens to a sermon espousing strict views on gender and morality. As the words of the pastor clash with their own emotions and self-awareness, a quiet yet profound inner battle unfolds, reflecting the harsh realities faced by many Filipinos who struggle to reconcile their identity with religious teachings.

The purpose of this artwork is to shed light on the often-overlooked experiences of individuals navigating their gender identity in a society that upholds conservative values. It seeks to provide a voice to those who feel silenced by religious and cultural pressures, emphasizing the emotional and psychological burden of living under a system that refuses to recognize their existence.

Description

“Ang Bangko” portrays the internal conflict of an individual torn between personal identity and strict religious beliefs. The story takes place in a chapel, a space representing faith and tradition, where the protagonist listens to a pastor’s sermon with a rigid interpretation of gender and morality. Amid their devotion and true feelings, intense emotions and confusion arise—a quiet yet powerful reflection of the reality faced by many who are forced to live under a system that refuses to accept their identity. This piece aims to give voice to the silent struggles of individuals experiencing this kind of societal pressure while emphasizing the need for them to learn to embrace and fight for their true selves.

Significance/contribution to Gender and Education.

The significance of *Ang Bangko* in the context of **gender and education** lies in its ability to foster critical discussions on inclusivity, identity, and the impact of societal norms on personal development. Through its depiction of an individual’s internal struggle between personal identity and religious expectations, the artwork highlights the challenges faced by individuals who do not conform to traditional gender roles.

...

Statements and Declarations

1. Funding details.

This literary work is personally funded.

2. Disclosure statement.

This is a work of fiction. Any resemblance to real people, events, or places is purely coincidental. The story is original and not previously published.

3. Declaration of Generative AI in Scientific Writing

No part of this literary work was generated by AI.

4. Acknowledgement:

The author thanks all who inspired and supported the creation of this story, especially those who offered encouragement and feedback. All glory to God.

5. Ethical Approval:

The story was written with respect for all individuals and communities. Fictional elements were created responsibly and with care.

Bionote

Nikko J. Domingo is an Assistant Professor at the Nueva Ecija University of Science and Technology, where he teaches Purposive Communication and English for Specific Professional Fields. He is currently writing his dissertation for the degree of Ph.D. in English Language Studies at the University of Santo Tomas. His research interests include English Language Teaching and Learning, Language and Technology, Literature, and Forensic Linguistics.